

Paano Kumilos Kapag Dinatnan ng Sakit (bahagi 2 ng 2): Walang Hanggan ang Awa ng Diyos

Paglalarawan: Ang mga mapapakinabangang mga hakbang na dapat gawin kapag dinapuan ng sakit o kapinsalaan.

Ni Aisha Stacey (© 2009 IslamReligion.com)

Nailathala noong 24 Aug 2020 - Huling binago noong 04 Oct 2009

Kategorya: [Mga Artikulo](#) > [Ang mga Pakinabang ng Islam](#) > [Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan](#)

Sa Unang Bahagi ay tinalakay natin ang pagtitiis sa mga pagsubok at pagsusulit at pag-unawa na walang nangyayari nang walang pahintulot ng Diyos.



oeAt Siya ang nag-aangkin ng mga susi ng Ghaib (lahat ng bagay na nakalingid), walang sinuman ang nakakaalam ng mga ito maliban sa Kanya. At talastas Niya kung anuman ang nasa kalangitan at nasa karagatan; wala ni isa mang dahon ang malalaglag nang hindi Niya batid. wala ni isa mang butil sa kadiliman ng kalupaan, gayundin ang anumang bagay na sariwa o tuyo, na hindi nakatala sa isang Maliwanag na Talaan.” (Quran 6:59)

Kapag ang sakit o pinsala ay sumapit sa mga kadahilanang maaaring hindi maliwanag, o marahil ay higit pa sa ating mga pag-unawa. Gayunpaman ang Diyos ay nais lamang ang mabuti para sa sangkatauhan. Kaya't makatitiyak tayo na may malaking karunungan sa likod ng pagdurusa at binibigyan tayo nito ng pagkakataong magkaroon ng isang mas malapit na kaugnayan sa Diyos. Bilang mga tao, siyempre mayroon tayong malayang kalooban at malayang pumili ng ating sariling landas ng pagkilos sa anumang naibigay na sitwasyon, ngunit ang pinakamagandang reaksyon ay ang pagtitiis at pagtanggap.

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay ipinapaalam sa atin na susubukan tayo, alinsunod sa antas ng ating pananampalataya na ang pinakamaliit na kabutihan na magmumula o makukuha mula sa mga pagsubok na ito ay paglilinis sa mga kasalanan. Sinabi niya, ang isang tao ay susuriin alinsunod sa antas ng kanyang pagpursige sa relihiyon, at ang mga pagsubok ay patuloy na nakakaapekto sa isang alipin ng Diyos hanggang sa siya ay iwang lumalakad sa ibabaw ng mundo na walang bahid ng kasalanan.[\[1\]](#)

Kapag ang sakit o pinsala ay dumating sa atin natural lang na matakot. Sa mga oras na maaari tayong makaramdam ng sama ng loob, nagtataka kung bakit pinahintulutan ito ng Diyos na mangyari. Nagtatanong at nagrereklamo tayo, ngunit wala talaga itong gagawin maliban sa pagbibigay sa atin ng kalungkutan o pagdurusang. Ang Diyos, sa Kanyang walang hanggan na karunungan at awa ay nagbigay sa atin ng malinaw na mga patnubay tungkol sa kung paano kumilos kapag dinapuan ng sakit o pinsala. Kung susundin natin ang mga patnubay na ito posible na malampasan ang mga pagdurusang nang madali at maging mapagpasalamat pa. Kapag dinapuan ng sakit o pinsala, ang isang mananampalataya ay ibinibigay ang kanyang tiwala sa Diyos, nagpapahayag ng pasasalamat sa anumang kundisyon na ipinasiya ng Diyos para sa kanya, at humihingi ng tulong medikal.

Ang panggagamot gamit ang medisina ay pinahihintulutan sa Islam at ang paghingi ng tulong medikal ay hindi nagpapabaya o sisirain ang ideya na ilagay ang tiwala sa Diyos. Nilinaw ito ni Propeta Muhammad nang sinabi niya, **"Walang sakit na itinakda maliban na mayroon itong lunas."**^[2] Ang isang mananampalataya ay maaaring pumunta sa isang doktor para sa pagpapagamot ng mga sakit at kapinsalaan. Maaari siyang pumunta upang maghanap ng diagnosis (pagsusuri) at isang lunas para sa mga sakit sa isip o mga kondisyon sa emosyon. Gayunpaman may ilang mga maliit na kondisyon, kasama na ang isang lunas ay hindi maaaring hanapin sa isang bagay na ipinagbabawal, tulad ng alkohol. Sa huli ang Diyos ay hindi naglalagay ng gamot sa isang bagay na ipinagbabawal niya.

Hindi pinapayagan na maghanap ng isang lunas mula sa mga manghuhula at iba pang mga arbularyo o mga kauri nito. Ang mga taong ito ay nagsasabing mayroong kaalaman sa mga hindi nakikita, na hindi posible at sinusubukan lamang nilang gamitin ang mga tao at iligaw sila mula sa Isang Tunay na Diyos. Ipinagbabawal din ng Diyos ang paggamit ng mga anting-anting na pang pasuwerte o panlaban sa sakit. Lahat ng kapangyarihan at buong lakas ay nagmula sa Diyos lamang. Ang pagtawag sa isang tao o isang bagay bukod sa Diyos na pagalingin tayo o panatilihing ligtas tayo ay isang napaka-seryosong kasalanan.

Habang naghahanap ng gamot o lunas sa pisikal na mundong ito mahalaga na humingi din ng lunas sa pamamagitan ng mga espirituwal na remedyo. Ang unang bagay na dapat gawin ay ang pag-iisip ng positibo tungkol sa Diyos, siguraduhin ang iyong paniniwala sa Kanya, at pagnilayan ang Kanyang mga pangalan at katangian. Siya ang Pinaka-Maawain, ang Pinaka-Mapagmahal, at ang Pinaka-Marunong. Pinapayuhan tayong tawagin Siya sa pamamagitan ng mga pangalang naaangkop sa ating mga pangangailangan.

oeAt (ang lahat) ng Pinakamagagandang Pangalan ay angkin ni Allah, kaya't Siya ay tawagin ninyo sa mga Pangalang yaon." (Quran 7:180)

Hindi tayo pinabayaan ng Diyos sa mga pagsubok, pagsusulit at pagdurusang sa mundong ito, binigyan tayo ng gabay at ang pinakamalakas na sandata laban sa pagdurusang at pagkabalisa - ang Quran, ang mga salita ng pag-alaala at pagsusumite, at panalangin.^[3] Habang umuusbong sa ika-21 na siglo nagsimula tayong umasa sa tulong

medikal sa halip na ang mapananaligang espirituwal na mga remedyo, gayunpaman ang paggamit sa dalawa, ng sabay ay madalas na epektibo, mabilis at mabisa. Minsan ang mga sakit ay nagpapatuloy, kung minsan ang mga pinsala ay nagiging talamak, ngunit kung minsan ang sakit sa kalusugan ay maaaring magdulot ng malaking espirituwal na pananaw.

Gaano kadalas na naririnig natin ang mga taong may malubhang mga sakit o kakila-kilabot na kapansanan na nagpapasalamat sa Diyos sa kanilang mga kondisyon, o nagpapahayag na ang sakit at pagdurusang nagdala ng mga pagpapala at kabutihan sa kanilang buhay? Kapag nadarama nating nag-iisa at nababalisa, ang Diyos lamang ang ating makakapitan. Kapag ang sakit at pagdurusang ay hindi na makayanan, kapag walang naiwan kundi takot at paghihirap, dito na natin inaabot ang isang bagay na maaaring magdulot ng kaligtasan - ang Diyos. Ang kumpleto at lubos na pagtitiwala at buong pagtalima sa kalooban ng Diyos ay nagdudulot ng kagalakan at kalayaan na kilala bilang ang *tamis ng pananampalataya*. Ito ay kapayapaan at katahimikan at pinapayagan nito na tanggapin ng isang tao ang lahat ng mga kundisyon na ibinibigay ng mundong ito, mabuti, masama, pangit, masakit, nakababahala at kasiyahan.

Sa wakas mahalagang maunawaan na ang mga sakit at pinsala ay maaaring paraan ng Diyos na linisin tayo. Bilang tao hindi tayo perpekto, nagkakamali tayo, gumagawa ng masasama, at sadyang suwail sa mga utos ng Diyos.

oeAnumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang ginawa ng inyong mga kamay, at sa maraming (kasalanan) Siya ay lubhang nagpapatawad.” (Quran 42:30)

Ang awa ng Diyos ay hindi dapat maliitin. Pinapayuhan Niya tayong humingi ng kapatawaran mula sa Kanya. Ipinaalala sa atin ni Propeta Mohammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala na naghihintay ang Diyos sa atin na bumaling sa Kanya. Sa huling bahagi ng gabi, kung saan ang kadiliman ay laganap nang labis sa buong lupain, ang Diyos ay bumababa sa pinakamababang langit at tinatanong ang Kanyang mga alipin. **"Sino ang nananalangin sa Akin at Aking tutugunan? Sino ang humihingi ng anumang bagay sa Akin na maaari kong ibigay sa kanya? Sino ang humihiling ng kapatawaran sa Akin upang mapatawad ko siya?"**[\[4\]](#)

Kadalasan ang kamalasan, sakit, at pagdurusang ay nangyayari dahil sa ating sariling mga kagagawan. Pinipili nating gumawa ng kasalanan, ngunit nililinis tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagkawala ng kayamanan, kalusugan o mga bagay na mahal natin. Minsan ang pagdurusang ngayon, sa mundong ito ay nangangahulugan na hindi na tayo magdurusang magpakailanman, kung minsan ang lahat ng sakit at pagkabalisa ay nangangahulugan na magdudulot ito na makakarating tayo sa isang mas mataas na lugar sa Paraiso.

Alam ng Diyos ang karunungan sa likod kung bakit nangyayari ang mga magagandang bagay sa masasamang tao, o kung bakit nangyayari ang masamang bagay sa mabubuting tao. Sa pangkalahatan, ang anumang dahilan na magpapabaling sa atin sa Diyos ay mabuti. Sa mga panahon ng krisis ang mga tao ay mas malapit sa Diyos, samantalang sa

mga oras ng kaginhawaan ay madalas nating nakakalimutan kung saan nagmumula ang kaginhawaan. Ang Diyos ang Tagapagbigay at Siya ang Pinaka-Mapagbigay. Nais ng Diyos na gantimpalaan tayo ng buhay na walang hanggan at kung ang sakit at pagdurusa ay magsisigurado sa atin sa Paraiso, kung gayon ang sakit sa kalusugan at pinsala ay isang pagpapala. Sinabi ni Propeta Muhammad, "**Kung nais ng Diyos na gumawa ng mabuti sa isang tao, binibigyan Niya siya ng mga pagsubok.**"[\[5\]](#)

Kapag dumapo ang sakit, ang pinakamagandang gawin ay pasalamatan ang Diyos, subukang maging malapit sa Kanya at humingi ng tulong medikal at bilangin ang mga biyayang ipinagkaloob sa atin.

Mga talababa:

[\[1\]](#) *Ibn Majah.*

[\[2\]](#) Bukhari

[\[3\]](#) Para sa kabuuang paliwanag ng mahimalang lunas ng Quran mangyaring tingnan ang artikulong Kalusugan sa Islam Bahagi 2.

[\[4\]](#) *Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim, Malik, At Tirmidhi, Abu Dawud*

[\[5\]](#) *Saheeh Al-Bukhari.*

Ang web address ng artikulong ito:

<http://www.islamreligion.com/tl/articles/2257>

Copyright © 2006-2020 [IslamReligion.com](http://www.IslamReligion.com). Lahat ng mga karapatan ay inilaan.